

# Real-Time na Sentrong Pangkrimen

## Seattle Police Department

### Ano ang teknolohiyang ito?

Ang Real-Time Crime Center (RTCC, Real-Time na Sentrong Pangkrimen) software ay nagbibigay ng sentralisadong lokasyon para sa real-time na impormasyon at pag-aanalisa. Sa gitna nito, pinagsasama-sama ng RTCC software ang dispatch, camera, lokasyon ng pulis, pagtukoy sa putok ng baril, mga tawag sa 911, sistema ng pangangasiwa sa mga rekord, at iba pang impormasyon sa isang “panel ng salamin” (single view). Ginagamit ang software upang maalertuhan ang kawanihan ng real-time crime center kapag may malalang krimen, makakita ng maraming pinanggagalingan ng impormasyon na nakalatag sa isang map view, at maipasa ang impormasyong iyon sa mga pulis na reresponde sa field.

### Bakit natin gagamitin ang teknolohiyang ito?

Ang real-time crime center software ay nakatutulong upang magbigay ng kaalaman sa sitwasyon upang madagdagan ang kaligtasan ng mga pulis at publiko at agarang makapagsiyasat ng mga insidente. Kapag may real-time at tumpak na impormasyon sa isang lugar, mas nagiging katiwa-tiwala ang lokasyon ng mga biktima at suspek, at sa tulong nito, mas mabilis na dumarating ang tulong at mas ligtas na naisasagawa ang paghuli. Kapag may mas malinaw na impormasyon sa hitsura at espasyo ng suspek, mababawasan ang mga di-kinakailangang paghinto-hinto ng mga pulis at maituon nila ang kanilang mga pagsisikap sa mga beripikadong lokasyon at tumpak na paglalarawan.

### Pagkolekta

Sa RTCC software, pinagsasama-sama ang data mula sa iba pang sistema ng Seattle Police Department (SPD, Kagawaran ng Pulisya ng Seattle) tulad ng Closed-Circuit Television Cameras (CCTV, Mga Camera para sa Closed-Circuit na Telebisyon), Acoustic Gunshot Location System (AGLS, Sistema ng Pagtuntong sa Tunog ng Putok ng Baril), Automated License Plate Readers (ALPR, Mga Automated na Tagapagbasa ng Plaka ng Lisensya), Records Management System (RMS, Sistema ng Pangangasiwa ng mga Rekord), dispatch, Geographic Information System (GIS, Sistema ng Heyograpikong Impormasyon), at mga tawag sa 911 sa isang sentralisadong lokasyon para sa real-time na impormasyon at pag-aanalisa.

Limitado ang access sa mga system at teknolohiya para sa mga awtorisadong tauhan, na gagamitan ng mga kredensiyal sa pag-login na protektado ng password.

### Paggamit

Ang RTCC software ay ginagamit upang pagsama-samahin ang mga umiiral nang pinagmumulan ng data na ginagamit na ng SPD.

Layunin ng RTCC na magbigay ng kaalaman sa sitwasyon upang madagdagan ang kaligtasan ng mga pulis at publiko, at agarang makapagsiyasat ng mga insidente.

### Mga Proteksiyon

Ang mga awtorisadong user ng SPD at OIG lang ang makaka-access sa platform ng RTCC software. Limitado ang access sa mga system/teknolohiya para sa mga awtorisadong tauhan, na gagamitan ng mga kredensiyal sa pag-login na protektado ng password.

Maaari lang tingnan o kunin ang data sa RTCC system para sa mga lehitimong layunin ng pagpapatupad ng batas, ayon sa iniaatas sa SPD Policy 12.050 (Patakarang 12.050 ng SPD). Pagpapasyahan ang panahon ng pagpapanatili rito batay sa kung nagtataglay ang data ng mahalagang ebidensiya. Ang data na hindi nagtataglay ng mahalagang ebidensiya ay hahayaang mapatungan pagkaraan ng tinatayang 30 araw.



Kasalukuyang isinasagawa ang malayang pagkokomento para sa teknolohiyang ito. Puwede kang magbigay ng mga komento sa [Seattle.gov/Surveillance](https://seattle.gov/surveillance).

Ang lahat ng komento ay isasama sa Surveillance Impact Report (Ulat sa Epekto ng Pagmamatyag) tungkol sa teknolohiyang ito at isusumite sa Konseho ng Lungsod.

Kung gusto mong magbigay ng feedback sa ibang pagkakataon bukod sa panahon ng malayang pagkokomento, isumite ito nang direkta sa Konseho ng Lungsod gamit ang mga email sa <https://seattle.gov/council>.